CHART SA PAGBUBUKOD NG BASURA NG HIRATSUKA CITY

# PARAAN NG PAGBUBUKOD AT PAGTATAPON NG BASURA AT RECYCLABLE ITEMS NG TAHANAN

< ITINALA NG MAYO NG TAONG REIWA 7 >

SPECIAL EDITION

※ MAKIKITA SA HOME PAGE ANG MGA IMPORMASYON NG KABAYARAN AT IBPA.

Para sa mga katanungan：**IN-CHARGE OF DIVISION PROMOTION AND COLLECTION, HIRATSUKA CITY HALL COLLECTION DIVISION**

**(2F HIRATSUKA CITY HALL ANNEX BLDG, 12-1 SENGEN CHO, HIRATSUKA CITY )**

**☎０４６３－２１－８７９６（Direct）／FAX０４６３－３６－２３５２** **WEBSITE: https://www.city.hiratsuka.kanagawa.jp I-SEARCH ANG HIRATSUKA CITY GOMI**

**※Oras ng tanggapan、Lunes～Biyernes８：３０～１７：００**

**SA ORAS NG PAGTATAPON NG BASURA, ILABAS NG MAAGA ANG BASURA NG HINDI LALAMPAS NG 8:30 NG UMAGA SA ITINALAGANG LUGAR NG TAPUNAN NG INYONG DISTRITO SA ARAW NG PAGKOLEKTA NG BASURA.**

- **Ipinakiki-usap na gamitin ang transparent o semi-transparent plastic bag para makita ang loob. （HINDI MAARING GAMITIN ANG ITIM NA PLASTIC BAG）**
- **Sa pagtatapon ng mga bagay na maaaring i-recycle, ang pinaglagyang supot nito ay muling iuwi ng bahay .**
- **Ang karton ay nare-recycle. Huwag gamitin bilang lalagyan ng mga basura.**

| KLASIPIKASYON NG PAGBUBUKOD | | MGA URI | KINAKAILANGANG PAG-IINGAT SA PAGTATAPON |
|---|---|---|---|
| MGA BAGAY NA NARERECYCLE ( TWICE A MONTH ) | URI NG LUMANG PAPEL | ● Diyaryo, polyeto ( leaflets )<br>● Magazine, Mga klase ng libro<br>● Karton | ● Talian bago itapon ang Diyaryo, Magazine, Klase ng libro at mga karton.<br>● Ang mga polyeto (leaflets) ay maaaring itapon kasama ang mga diyaryo.<br>● Itapon bilang nasusunog na basura ang braille books at mga naimprentang bagay. |
| | | ● Tetra Pack tulad ng pakete ng gatas<br>（Mga uri ng pakete ng gatas at juice ） | ● Hugasan ang tetra pack at buksan pagkatapos ay patuyuin at itapon sa container ( Light Blue) |
| | | ● Iba pang uri ng papel（Kasing laki ng papel ng calling card o higit pa ）<br>（Pambalot na papel・Papel na kahon・Postcard・Notebook・Memo pad， atbp ） | ● Ilagay sa paper bag ang iba pang klase ng papel at itapon.<br>● Itapon bilang nasusunog na bagay ang thermal paper, waxed paper, papel na may nakadikit na vinyl, transferable thermal print paper gamit ang plantsa at ibpa. |
| | KLASE NG NAGAMIT NA LATA | ● Klase ng lata<br>◆ Hanggang 25cm ang haba | ● Itapon sa lalagyang container ( Yellow ) ang mga latang walang laman.<br>● Huwag pipiin ang mga lata.<br>● Ubusing gamitin ang laman ng spray can at table gas cylinder bago itapon. (Kung may pag-aalinlangan ay dalhin sa Collection Office na nakatala sa itaas ) |
| | MGA METAL | ● Metal<br>Takure・Kaldero・Bisikleta・Stove・Gas Range<br>Fan Heater・Microwave Range・Wired Hanger<br>◆Klase ng mga lata na may mahigit sa 25 cm ang haba | ● Ilagay sa tabi ng container ng lalagyan ng mga lata ( Yellow ) ang mga klase ng metal.<br>(Ilagay sa labas ng container)<br>● Dikitan ng sticker na「RECYCLE」ang bisikleta.<br>● Tanggalin ang baterya at gas ng Stove・Fan Heater bago itapon. |
| | BASYONG BOTE | ● klase ng bote ng alak<br>● Bote ng inuming tubig<br>● Bote ng spices<br>● Bote ng mga make-up ( Iwasan ang kulay milky -white na materyal ) | ● Tanggalin ang laman ng bote at ilagay sa nararapat na container ( Gray ).<br>● Tanggalin ang takip. |
| | KLASE NG TELA | ● Mga damit<br>● Kortina ( Gawa sa tela)<br>● Kumot | ●Itapon ang mga damit sa pamamagitan ng pagtatali o paglalagay sa loob ng supot na papel. Hindi maaaring ilagay sa plastic bag at itapon.<br>●Pinakiki-usap na huwag itapon kapag umuulan. （Kapag nabasa ay hindi na maire-recycle)<br>●Kapag sobrang dumi ay gupitin ng hindi lalampas ng 30 cm. , talian at itapon bilang nasusunog na basura. |
| | MANTIKANG NA GAMIT SA PAGLULUTO | ● Mantika ng Tempura | ● Isalin sa Pet Bottle at takpan, pagkatapos ay ilagay sa container na lalagyan（Green Color）at itapOn.<br>● Maliban sa Pet Bottle ay huwag gamitin ang iba para gawing container na lalagyan. |
| MGA BAGAY NA NARE-RECYCLE ( ONCE A WEEK ) | PLASTIK NA BOTE | Bote ng may logo na ganito<br>● Mga tiyak na bote lamang ng mga Softdrinks・Mga inuming gatas・Mga toyo, mga espesyal na pampalasa・Klase ng alak at Honmirin | ● Tanggalin ang takip at etiketa ⇒ banlawan ang loob ⇒ pipiin ⇒ at ilagay sa transparent o semi- transparent na supot at itapon.<br>● Huwag gamitin ang mga makakapal na supot （Supot ng sandbag, supot ng bigas at supot ng fertilizer ）<br>● Ang mga bagay na hindi natatanggal ang dumi ay itapon bilang basurang nasusunog.<br>● Ang takip at etiketa ng mga pambalot at lalagyang plastik ay itapon bilang kasama sa packaging container at lalagyan na gawa sa plastik ( Plastic Recycle ). |
| | LALAGYAN AT PAKETENG GAWA SA PLASTIC | Mga lalagyan at pakete na may markang ganito<br>※ Iba sa produktong plastic<br>● Plastik bags, mga bote, mga pakete, tubes, styrofoam packing materials, buffer（malalambot) cushioning o packaging | ● Gamitin ang lahat ng laman ⇒ tanggalin ang mga dumi at ilagay sa transparent o semi- transparent na supot.<br>● Ang mga bagay na hindi natatanggal ang dumi ay itapon bilang basurang nasusunog.<br>● Kahit anong klase ng supot, tray, klase ng tasa ay isamang ilagay sa transparent o semi-transparent na supot.<br>● Pipiin ang lalagyan, pabilugin para lumiit at ilagay sa plastik na supot. |
| BASURANG HINDI SINUSUNOG AT NAKAPIPINSALA ( 2 X A MONTH ) | BASURANG HINDI NASUSUNOG | ● Glass sheet・wood（produktong na-proseso） ・Paso ng halaman Salamin・Payong・Uri ng Ceramics tulad ng mga plato・Rice cookers, Electric Fan・Palanggana・Vacuum Cleaner・bowls・Balde<br>◆ Plates na may lapad na hindi lalampas na 5cm, may haba na hindi lalampas ng 1 metro at may bigat na hanggang 25 kilos.<br>◆ Mga bows o mahahabang bagay na may lapad na hindi lalampas ng 10 cm, may haba na hindi lalampas ng 1 metro at may bigat na hindi lalampas ng 25 kilo. | ● Matitigas na plastik tulad ng （Tray, Tupperware, Balde, laruan ).<br>● Mga produktong may halong kahoy, matitigas na plastik, ceramics porselana at salamin.<br>● Ang mga bagay na nakatala sa itaas ay may haba na hanggang 50 cm at may bigat na hanggang 25 kg.<br>● Itali o ilagay sa transparent o semi-transparent na supot at itapon.<br>●Tanggalin ang baterya at itapon bilang nakapipinsalang basura.<br>● Dahil ang basag na flourescent tube ay hindi maire-recyle ay isama sa iba pang basurang hindi nasusunog at itapon. |
| | | Flourescent tube ( Straight tube type, circular type , light bulb type, etc. )<br>Incandescent light, LED product, at basag na flourescent tube at itapon bilang hindi sinusunog na basura kasama ang iba pang basura. | ● Ilagay sa transparent o semi-transparent na supot ang flourescent tube para hindi mabasag o ilagay sa kahong pinaglagyan ng binili ito. Ilagay sa ibang supot o kahon at hindi kasama ang iba pang basurang hindi sinusunog at ilabas sa lugar ng kinokolektahan ng basura.<br>● Ang flourescent tube na nauugnay sa pagnenegosyo ay basurang pang-industriya at hindi kasama dito |
| | BASURANG NAKAKA PAMINSALA | ● Dry battery（Disposable）<br>● Coin type battery（Model Code CR at BR)<br>● Thermometer na may mercury, Blood Pressure gauge, Thermometer<br>● Mga klase ng lighter | ● Ilagay sa dry battery box ( Araw ng hindi sinusunog na basura )<br>● Ilagay sa transparent na supot ang (Mga klase ng thermometer at Blood pressure guage ) na may mercury.<br>● Bago itapon ay ubusing gamitin ang lighter at mga uri nito.<br>※ Ipinakiki-usap na dalhin sa store na nagkokolekta, ang rechargeable battery at button battery ( Model SR at LR ) . |
| BASURANG NASUSUNOG | | ● Basura sa pagkain<br>(Mga scrap sa pagluluto, tirang pagkain, shell at ibpa)<br>● Maliban sa basurang papel na nare-recycle （mamantikang papel・thermal na papel at ibpa.)<br>● Ice pack, dessicant, disposable body warmer<br>● Kushion, maruming klase ng mga tela<br>● Scrap ng kahoy ( 30 cm )<br>● Cassette Tape, Video Tape, （Ang cover at case ay basurang hindi sinusunog ) | ● Ilagay sa transparent o semi-transparent na supot at ilabas.<br>● Patuluing mabuti ang tubig ng basura sa pagkain, at taliang mabuti ang supot.<br>● Itapon ang karton bilang uri ng mga lumang papel na bagay na muling nare-recycle.<br>● Gupitin ng hindi lalampas ng 30 cm at itali ang mga klase ng telang hinding natatanggal ang dumi. |
| SMALL ELECTRIC HOME APPLIANCES<br>**Itapon sa collection box tulad ng mga community center at ibpa** | | ● Electric or battery-powered home appliances na magkakasya sa Collection box na may sukat na ( 30cm X 15 cm ) at may haba na 20 cm ( Ex: Mobile phone, Game machine, Game Soft, Camera, AC Adapter, Cable, Remote Control, Modem, Router, Earphone, CD Player, MD Player, PC accessories, Radio ) | ● Ilagay sa small appliances collection box na nakalagay sa bawat distrito ng Community Center o Central community Center, Main bldg. ng City Office/ Annex, Invironmental Business Center, Ricycle Plaza, Resource Recovery Center ( Hiratsuka City Resource Recovery Cooperative ).<br>● Ipinakiki-usap na tanggalin ang mga personal na impormasyong nakalagay dito.<br>● Tanggalin ang baterya at ilabas bilang nakapipinsalang basura.<br>● Hindi kasama dito ang C D, M D, Personal Computer, Light Bulb at Flourescent tube. |
| PINUTOL NA MGA SANGA (PUNO )<br>**Pagkolekta tahanan ayon sa reser basyon sa telephono (Free)**<br>**Makikita ang detalye sa pahina 2** | | ● Ang isang sanga na may taba na hanggang 10 cm at hindi lalampas ng 80 cm ang haba.（Maaari kahit na may kasamang dahon )<br>● Itali ang mga sanga nang hanggang 30 cm ang taba gamit ang tali mula sa resina o natural na materya at maaaring mabuhat ng isang tao ang bigat. （Hindi maari gamitin bilang tali ang mga tulad ng gawa sa metal o wire ）※Humingi ng payo kung lumampas ng mahigit sa 10 cm ang taba.<br>★Hindi kasama ang mga sangang ni-request sa gardener na putulin mula sa mga nagnenegosyo ng pagtatanim. | ● Hindi maaaring itapon bilang mga basurang sinusunog o hindi sinusunog.<br>● Tumawag at magpareserba sa Contact Information na nakatala sa itaas ng ikalawang pahina nito.<br>● Ang mga damo at dahon lamang ang maaaring itapon bilang basurang sinusunog.<br>● Itapon bilang basurang sinusunog ang Bamboo, Palm, Rhus tree, nakapipinsalang halaman ( tulad ng Oleander) punong may baging, tangkay ng Rosas na may haba na hanggang 30 cm at may taba na hanggang 5m.<br>● Hindi maaaring dalhin sa Oversized Crushing Facility o sa Invironmental Business Center. |
| MALALAKING BASURA<br>**①Pagkuha bawat tahanan ayon sa reserbasyon ng tawag ( May bayad )**<br>**②Pagdadala( May bayad )**<br>**Para sa mga detalye ay makikita sa likod ng pahina** | | Bed comforter ・Carpet ・Alpombra ・Klase ng mat na sapin ng sahig ・Upuan ・Muwebles ・Cabinet ・La mesa ・Desk ・Kama ・Klase ng mattress<br>● Kung cube ang hugis, ang sukat ng haba ay 50 cm o higit pa ● Kung Plate o rod ang haba ay 1 m o higit pa ● May bigat na 25 kg o higit pa. | |
| | | ❶ Pagkolekta sa bawat bahay ng truck ng munisipyo ( May bayad )<br>Para sa mga may nais, ay kompirmahin muna ang （width・depth・height ）ng bagay na nais ipakuha at tumawag at magpareserba sa teleponong nakatala sa ika-2 pahina para sa mga katanungan.<br>Matapos makapagreserba, bago kunin ay idikit ang garbage payment ticket sa bagay na ipakukuha at saka ilabas ng bahay. | ❷ Lugar ng pagdadalhan(May bayad)<br>※Paalala na iba ang pagdadalhan ng mga malalaking basura ayon sa klase nito.<br>◆ENVIRONMENTAL BUSINESS CENTER（☎０４６３－５５－６６１５）※Ang Sunday ay regular holiday<br>Futon・Goza・Carpet・Mattress（Walang spring）ibpa.<br>※Ang mga Futon, Carpet o Rag ay maaaring itapon bilang basurang nasusunog sa pamamagitan ng paggugupit ng hindi lalampas ng 30 cm at pagkatapos ay talian.<br>◆Oversized Garbage crushing/ disposable facility（☎０４６３－２２－４５５７）<br>※Regular holiday tuwing ika-29～31 araw ng buwan<br>Desk・Silya・Cabinet・Muwebles・Mattress（may spring） ・Bed at ibpa. |

MULA APRIL 2019, ANG PAGPAPARESERBA SA PAGKOLEKTA AT PAGDADALA NG MALAKING BASURA AT PINUTOL NA SANGA AY IPINAMAMAHALA SA PRIBADONG SEKTOR

# CONTACT INFORMATION：PARA SA PAGPAPARESERBA NG MALALAKING BASURA AT PINUTOL NA SANGA

☎０４６３－７１－５１００　◆ORAS NG TANGGAPAN　８：３０～１７：００（MONDAY～FRIDAY）

## PAGPAPARESERBA SA PAGKOLEKTA NG MALAKING BASURA (MAY BAYAD)

① PAG-KONPIRMA NG BASURANG ITATAPON ( Dapat alamin bago tumawag para magpareserba) Alamin kung may mga bagayna napapaloob sa mga sumusunod na batayan kung ang basura ay napapabilang bilang malaking basura:

1 Kung ang basura ay hugis na Cubes na may haba na mas mahigit sa 50 cm ang tagiliran.

2 Ang haba ay may higit na 1 metro

3 May bigat na mahigit sa 25 kilo※ Siguraduhing alamin kung anong bagay, bilang, laki, (Length,width, at height) ng malaking basura.（Kinakailangan ang mga itokapag tumawag sa pagpapareserba)

② Pagtawag sa telepono para sa pagpapareserba

● Magpareserba ng maaga sa nakatalang Contact Information sa itaas.

● Ipaalam ang inyong pangalan, address, telephone no. bilang ng basura, size (width, depth, height)

● Sa pagtawag para sa pag-aapply ay siguraduhin ang nais na petsa at iakma ang maaaring araw ng pagkolekta ng basura.Mayroong holiday tuwing katapusan ng buwan (araw ng 29～31) at tuwing una at huling araw ng taon.

● Siguraduhin ang pagkokolektahan lugar at bilang sa binayarang ticket ng basura

● Kung mayroong karagdagang bilang o mga pagbabago ay ipaalam sa umaga bago ang araw ng pagkolekta.

③ Pagbili ng ticket para sa pagproseso ng pagkolekta ng mga malalaking basura (Garbage payment ticket

● Bumili ng ticket sa Convenience store sa loob ng siyudad na kinontrata ng munisipyo.

● Sa oras ng pagpapareserba ay ipaaalam ang pinakamalapit na Convenience store.

● Ang mga impormasyon ng store ay nakatala sa Home Page ng Hiratsuka City.

● Siguraduhing isulat sa biniling ticket ng bayad sa basura ang pangalan at petsa ng pagkolekta ng basura.

● Idikit ang ticket na binayaran sa gamit na ibabasura at ilabas sa oras, nang hindi lalampas ng 8:30 ng umaga.

## PAGKOLEKTA SA BAWAT TAHANAN NG MGA PINUTOL NA SANGA（MAAGANG PAGPARESERBA）

① Makipag-alam sa Contact Information na nakatala sa itaas.

② Sa pagpapareserba ay ipaalam ang tirahan, pangalan, telephone no. klase ng sangang pinutol, bilang ng bugkos at lugar na paglalagyan.

③ Pagdesisyon ng schedule ng piniling araw ng araw ng pagkolekta.

④ Sa umaga ng araw ng pagkolekta ng hindi lalampas ng 8:30 ,talian ang mga pinutol na sanga, ilabas at ilagay sa itinalagang lugar ngkoleksiyon.

※ May pagkakataon rin na ang pagpapareserba ay napupuno, kaya't ipinapayo ang pagpapareserba bago magputol ng mga sanga.

■ Ang sukat ng sanga ay hindi lalampas ng 10 cm at may taba ng hanggang 80 cm. Pinahihintulutan rin kung may kasamang dahon.

■ Bugkusin na madadala ng 1 tao ang mga sanga gamit ang tali na mula sa resina o natural na materyal

■ Ilagay sa sariling kapaligirang lugar na madaling maisasakay ng sasakyan.

■ Ipinakiki-usap na siguraduhing huwag samahan ng ibang basura tulad ng bote, lata, bato o pako dahil kapag napasama ay masisira ang makina.

■ Bilang sinusunog o hindi sinusunog na basura ay hindi maaring itapon ang mga sanga sa lugar ng tapunan ng basura.

## PAGTATAPON NG KATAWAN NG MALILIIT NA PATAY NA HAYOP

■ Kung dadalhin ( May bayad)

① Monday ～ Saturday　8:30 ～ 12:00　13:00 ～ 17:00

■ Kung makiki-usap na kolektahin ( May bayad )

② Monday ～ Friday　8:30 ～ 12:00　13:00 ～ 16:00

■ Pagkolekta ng katawan ng patay na hayop kung hindi alam kung sino ang may-ari ( Walang Bayad )

③ Monday ～ Saturday　8:30 ～ 12:00　13:00 ～ 17:00

Pagtawag sa mga oras ng nakatala sa itaas, Telephone No : 0463-55-6650

※ Iba pang oras bukod dito kung ang situwasyon ay③ , tumawag sa Telephone No : 0463-23-1111

## PARAAN NG PAGTATAPON NG MGA RECYCLED HOME APPLIANCES

MGA GAMIT TULAD NG : ●Aircon●T. V.●Refrigerator ● Freezer ● Washing Machine ● Clothes Dryer

◇Itapon ayon sa alinmang sumusunod na pamamaraan:

（1）Paghiling sa dating pinagbilhang store na kunin ang appliance.

（2）Paghiling sa bagong pinagbilhang store na kunin ang lumang appliance.

（3）Pagbili ng appliance Recycle Ticket sa Post Office pagkatapos ay dalhin sa lugar, na nakatala sa ibaba, kung saankokolektahin ang mga appliances (Tanggapan na para lamang sa mga magdadala ng appliances ) .

（4）Pakikiusap sa General waste collectors and transporter na kolektahin ang basura.

Clean Service Co., Ltd.　2545-1 Ookami Hiratsuka City　☎ 0463-54-4965

Kanagawa Invironmental Development Co., Ltd.　16-11 Nakado Hiratsuka City　☎ 0463-21-47-92

※Para sa iba pang detalye, ay makikita sa Home Page ang aplikasyon ng pagdadala ng (Aircon,Television,Refrigerator, Freezer, Machine Machine at Clothes Dryer ).

◇Ukol sa Home Appliance Recycle Ticket　Suriin hangga't maaga kung anong pangalan ng brand ng inyong g appliances

Ang bayad ay iba ayon sa size ng screen ng T.V. (Inches), o dami ng nilalaman ng refrigerator o freezer (Liter) kaya ipinapayongsuriin ng maaga.

Home Appliances Ricycle Center, Telephone No.: 0120-319640

■ Seino Transport Co., Ltd.Itinalagang lugar ng pagpick-up ng appliances
Address: 822-4, Imajuku, Chigasaki City
Telephone No. : 0467-87-1305
Business. Hours : 9:00 ～12:00, 13:00 ～17:00
(Except Sundays and Holidays)

■Sato Co., Ltd.
Address: 1075 Hagisono, Chigasaki City
Telephone No : 0467-84-6785
Business Hours: 8:00 ～12:00, 13:00 ～17:00
( Except Sundays and Holidays )

Kung nagsara na ang store na pinagbilhan, walang pag pi-pick-upan dahil nasa malayong lugar o walang paraan ng pagdadala sa lugar na kukuhaan ng basura

◆Kung makiki-usap sa contractor ng siyudad na kolektahin ang basura.

Ang paraan ng pagkolekta ay kaparero ng sa malalaking basura (Kinakailangang tumawag sa para sa pagpapareserba) subalit kinakailangan ang mga sumusunod na pag-iingat:

※Kabuuang bayaran ng Recycling ticket fee **+ transportation and handling collection fee ng bawat isang bagay.**

● Kinakailangang may taong titingin sa pagkolekta.. Kapag nagpareserba ay piliin kung sa oras ng umaga o sa hapon.

●Iabot ang Home Appliance Recycling ticket sa magkokolekta at huwag itong idikit sa gamit.

## BASURANG HINDI TINATAPON AT HINDI KINOKOLEKTA NG SIYUDAD

■ MGA BAGAY NA MAHIRAP IPROSESO : Piano, Motorsiklo, Gulonng, Baterya, Fire Extinguisher, Fireproof safe, Bathtub, Lupa at Buhangin, Bato, Mga klase ng concrete blocks, Ladrilyo ( Bricks), Mortars, Roof　Tiles, Propane Gas Cylinder, Kerosene, Gasoline, Waste Oil (Non-edible),Paints, Kemikal, Chemical　pesticide, Surfboard, Generator, Solar Power Generation equipment, Mga sasakyan, Motorsiklo at iba pang parteng may kaugnayan dito.

➡ Humingi ng payo sa pinagbilhang store o sa ekperto ng mga waste disposal.

■ Makiusap sa mga kontraktor ng nagtatapon ng mga Industrial Industrial Waste at Construction waste material.

■ Sa pagpapa-trabaho sa loob ng tahanan, ay responsibilidad ng contractor na dalhin at itapon ang mga bagay na naging basura sa kanilangpaggawa.

■ Mga basurang mula sa aktibidad ng pagnenegosyo Isang batayan ang sariling pagtatapon ng basura ng mga nagnenegosyo ng mga tindahan ng pagkain inumin, kompanya at mga shop. Kung hindimaitatapon ay maki-usap sa Industrial Waste Disposal Company.

※Nakatala ang mga listahan ng mga contractor na maaaring magkolekta ng mga Industrial waste sa Home page ng Kanagawa Prefecture.

## UKOL SA ILIGAL NA PAGTATAMBAK NG BASURA

### ANG ILEGAL NA PAGTATAMBAK NG BASURA AY ISANG KRIMEN !

Ayon sa "WASTE MANAGEMENT & PUBLIC CLEANSING LAW" ay makukulong ng hanggang 5 taon at penalty na nagkakahalaga ng hanggang 10Million Yen at ang Corporation ay hanggang 300 Million.

Kung ito ay inyong makita ay mangyaring ipagbigay lamang ang mga impormasyogn nakatala sa ibaba :

※Petsa at oras, Lugar, Klase at Dami ng basurang itinambak

※Plate No., Color, Model, ng sasakyang ilegal na nagtambak ng basura ay mangyaring ipag-alam sa : Invinronmental Policy DivisionTelephone No. 0463-21-9762 ( Directly)

## PARAAN NG PAGLALABAS SA LUGAR NG TAPUNAN NG BASURA

Itapon sa lugar lamang kung saan kinokolekta ang basura ng inyong nasasakupang distrito.

※Magkakaroon ng kaguluhan kapag itinapon sa kinokolektahang lugar na hindi ninyo nasasakupan.

Sundin ang patakaran ng araw at oras ( Pagtatapon ng hanggang 8:30 ng umaga sa araw ng pagkolekta ng basura.

Bilang miyembro sa nasasakupang distrito ay makipag-kooperasyon at gamitin ng malinis habang nakikipag-tulungan sa bawat isa.

※Ang management Co. ang mamamahala ng lugar ng tapunan ng basura ng Mansion at Apartment.

## PARAAN NG PAGTATAPON NG PERSONAL COMPUTER

Ayon sa "Act on the promotion of effective utilization of resources" ang mga maker ng computer ang magkokolekta ng mga ginagamit na Personal Computer sa tahanan.

Para sa iba pang detalye : Makipag-alam sa General Incorporated Association PC 3R Promotion Association　https://www.pc3r.jp

℡　03-5282-7685　FAX　03-3233-6091

Mayroon ding mga kompanyang certified na mangolekta ng mga used small electronic devices.

Para sa mga Katanungan: Renet Japan Recycle Co. Ltd.

http://www.renet.jp

℡　0570-085-800　E-mail call@renet.jp

MGA MAARING KOLEKTAHIN:

Desk top body・Laptap Computer・Display（CRT or liquid crystal)

※Ang mga nakakabit Personal Computer tulad ng Keyboard・Mouse・Cord at iba pa ay kasamang kokolektahin.

## PAGPAPADALA NG CHART UKOL SA PAGHIHIWALAY NG BASURA SA IBA:T-IBANG WIKA

Ang Hiratsuka City ay nagpapakilala ng Catalog Pocket, ito ay Free App na puwedeng i-download sa inyong Smart Phone o Tablet na nagsasalinat nagbabasa ng iba't-ibang wika tulad ng Ingles, Intsik, Korean at iba pa, para mapalalim ang pang-unawa sa pagbubukod ng basura para sa mgadayuhang mamamayan sa siyudad. Kahit sino ay maaaring makita ang chart na ito sa pagda-download ng libre sa smart phone o tablet devices. Atmaaari ring mag brows sa website o sa computer. ( ang ibang browser ay hindi sinusuportahan ang pagbabasa ng malakas ).